# *REX SANDRO NEPOMUCENO*

Nagtuturo si Rex Sandro Nepomuceno ng komunikasyong pasalita at retorika sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman. Kasalukuyan niyang tinatapos ang gradwadong programa ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa parehong unibersidad. Nailathala ang kaniyang mga akda sa ilang mga antolohiya at maliliit na independiyenteng publikasyon. Tubong-Marinduque, naninirahan siya ngayon sa Krus na Ligas, Quezon City.

## KOMPO

Ipaliliwanag ng sentido komun
na kung ang tibay ng hanay ay nakasalalay
sa pinakamahina nitong bahagi
ang puwang ay pinto,
paanyaya sa pagkawasak.

Tayo'y isang yunit, isang tipak
ang mga hakbang ay isang hakbang
ang mga sigaw ay tanging boses
at ang bitak ang kalaban
liban pa sa may dalang baton.

Ngunit ang katotohana'y
ang bulto ay binubuo ng puwang.
Ang kabuuan ay ilusyon ng mga pagitan,
makikitid pero tiyak na nariyan.

Hinihirang tayo ng negatibong espasyo,
isang pigurang hindi pa buo
iskulturang hindi pa natatapos ngunit
nakikilala na ang kalalabasan.          Isang multo

na unti-unting lumilitaw, nagkakalaman,
hinahamon ang pag-iral ng Lungsod subalit
sa huli'y hindi pa maaabot
ang lubos na resureksyon.

Kaya malugod nating tatanggapin
ang hataw ng mga kaaway.
Sasalubingin ang tubig habang
tayo'y gawa pa lamang sa luwad.
Isisiwalat ang reyalidad ng mga puwang.

Tayo'y mamamatay muli.

Babalikan ang pagkakabiyak-biyak,
ang pagguho ng katawan.
Haharapin, halimbawa, ang kawalan ng paa
ngunit may tiyak nang alaala ng paghakbang.